

“Hindi Mamamatay ang Drama sa Radyo”

Eloisa Cruz Canlas (a.k.a. Lola Sela)

Eloisa Cruz Canlas:

Radio's Zimatar, Eng-eng, Lola Sela, et cetera

Elizabeth L. Enriquez

Eloisa Cruz Canlas has been tirelessly performing for her radio listeners since over four decades ago, with extraordinary dedication and hard work and with unwavering faith in the power of radio to reach and touch citizens in and out of the country. Starting her radio career in the late 1960s as a production assistant, later as a drama actor, she quickly grew into her current multiple roles of producer, director and scriptwriter of several of the longest-running soap operas on Philippine radio while continuing to perform in a wide range of acting roles.

Eloi, as she is fondly called by family, friends, colleagues and fans, was barely three when she began singing on stage during fiestas in her hometown of Lubao, Pampanga. An avid radio fan dabbling in short story writing, she was in high school in Manila when she began to hang around the studios of DZRH to see her favorite performers and broadcasters. At first, she could not get past the guard until Ramona Pablo, who was *Lola Basyang* in the popular radio drama titled *Mga Kwento ni Lola Basyang*, let her in. In 1968, while in her third year of Political Science in the University of the East, she was unable to resist the lure of radio when the opportunity to work as production assistant to Tina Loy, then a well-known soap opera director, came. She quit school and never looked back.

Soon, Eloi became assistant director to the immensely popular Johnny de Leon who directed the highly rated *Operetang Putol-Putol*. Not long after that, she began to voice one of the characters in the drama *Dose Cruzes*. It was as a voice actor that Eloi

rose as a star. Her voice-acting range is incredibly broad and convincing, performing the roles of child, adult, young maiden, grandmother, kindhearted, evil, and even animal sounds like crowing cock, whistling bird, barking dog and caterwauling cat. More impressive is her ability to voice two or more characters in the same drama, such as the voices of both the protagonist and the antagonist in *Zimatar at Eng-eng*, which required the portrayal of opposite personalities. Eloi also dubbed characters in animated television shows for children, hosted children's TV shows on Channel 5 and UNTV, and voiced advertisements.

In the 1990s, Eloi channeled one of her more popular drama roles, that of a grandmother named *Lola Sela Bungangera*, to dish out comments, criticisms and advice on the popular morning news and commentary program *Balitang Bayan Numero Uno* hosted by Joe Taruc. It was a novel format for a news and public affairs talk show, and for a decade listeners hung on to her every word as she loudly castigated erring politicians and public figures on the air. Eloi loved the role. Convinced that radio has a significant impact on audiences' lives, *Lola Sela Bungangera* satisfied Eloi's conviction that broadcasters' work must be of value to listeners, and that this work must be performed with a heart.

When Eloi received in 2011 the *Gawad Plaridel*, an annual recognition awarded by the UP College of Mass Communication to outstanding media workers, she was serving as drama director and supervisor on DZRH and executive producer of dramas on DZIQ. She had by then received other awards and admiration and respect for her work, which had been more vividly reflective of controversial issues affecting women and the social impact of the large number of Overseas Filipino Workers. To do justice to their stories, Eloi studies their lives by frequenting places where she feels the pulse of the common folk and their daily lives, such as markets, churches, MRT and LRT stations and trains, even public toilets.

In spite of the seeming dominance of television and the internet, Eloi believes radio will endure and will remain relevant. This is why in 2004, she established a training center for young people, including children as young as five, interested in radio and other performing and visual arts. Called *Tanghalang Parisukat*, located in the Communication Foundation for Asia Compound on Old Sta. Mesa, Manila, the center holds classes in radio announcing; acting on radio, television, film and stage; voice dubbing; singing, musical composition and musical instruments; production, direction and scriptwriting for radio and theater; and painting. Many of the students are from poor families, who receive training for free. Eloi handles some of the training herself, hoping to pass on her skills to the next generation of radio dramatists.

Today, several graduates of the center work in radio and television. Oftentimes, they serve as Eloi's inspiration, sustaining her belief that radio will persist and that the radio drama will survive as a creative form that will continue to capture the hearts and imagination of listeners for many more generations.



Ms. Eloisa C. Canlas accepts UP Gawad Plaridel (2012) Award. From left: Gawad Plaridel 2009 awardee Kidlat Tahimik, UP President Alfredo E. Pascual, Ms. Eloisa C. Canlas, UP Diliman Chancellor Caesar A. Saloma, and College of Mass Communication Dean Roland B. Tolentino.

UP Gawad Plaridel Lecture 2012

MARAMI pong salamat sa mga hurado at sa U.P. College of Mass Communication na nagtiwala at kumilala sa aking kakayahan. Ang boses po na ginagamit ko ngayon ay boses ni Lola Sela na inyong nakilala sa radyo. Sa mga estudyanteng naririto, tuturuan ko kayo kung paano magdrama para kayo ang pinakamagaling pagdating ng panahon. Tuturuan ko kayo dahil ayokong mamatay ang radio drama by natural death.

Gusto ko ay patuloy kayong magdrama, sapagkat ang dulang panradyo ay buhay ng tao at mahalaga ang drama sa ating buhay dahil dito natin kinukuha ang magagandang aral mula sa karanasan ng tao.

Matapos ninyong marinig ang aking interpretasyon ng iba't ibang boses ng batang babae, batang lalaki, tin-edyer na babae, matandang babae at iba pa, ang tanong, kanino ang mga boses na ito? Sila po ang boses ng karaniwang tao. Sila ang boses ng karaniwang Pilipino. Ginagawa ko po ang iba't ibang boses na yon sa radyo dahil napakasarap magpasaya ng tao.

Pero paano ba maging magaling na artista sa radyo? Una, bumili kayo ng salamin na makikita ninyo ang kabuuan ng inyong mukha. Tuwing umaga,

tumingin kayo sa salamin at magsagawa ng voice drill na he-he-he-he-he-he-(does vocalization). Magpraktis kayo at huwag mahihiya. Mga limang minuto na voice drill sa umaga at limang minuto sa gabi hanggang sa makasanayan ninyo at maging flexible ang inyong boses.

Sa gulang na 22, pinangarap ko ang maging artista sa radyo kaya noong 1968, dalawang taon akong nagsikap bilang P.A. o production assistant sa radyo ng walang sweldo o walang talent fee. Ang trabaho ko noon ay tagaayos ng script, tagalista ng oras sa bawat matapos na i-tape record na drama at tagatimpla ng kape.

Una akong nabigyan ng break na magdrama sa radyo nina director Art de Guzman, station manager ngayon ng DZEC at ang drama producer at host Robustiano Abellera. Nang nagsimula akong magdrama sa radyo, para akong tumutula. Hindi pwede sa radyo 'yon dahil wala nang balagtasan. Kaya nagsikap ako sa pamamagitan ng voice drill. Pinagmasdan kong mabuti kung paano ang ginagawang acting sa harap ng mikropono ng mga magagaling na artista sa radyong sina Luz Fernandez at namayapang ER Ramos.

Pinakamahirap sa lahat ang magsimula sa radyo. Kailangan ang pakikisama habang kayo ay naglalakbay sa daigdig ng drama sa radyo. Hindi lamang kayo dapat maging masipag. Hindi lamang kayo dapat maging matiyaga. Kailangan ding mahusay kayong makisama at magkaroon ng positive working attitude. Importante sa lahat, kailangang maging mabait para tulungan ka ng mga beteranong tagaradyo.

Hindi madali ang mag-umpisa bilang artista sa radyo. Dahil sa umpisa, pakakainin ka ng sama ng loob ng mga beteranong tagaradyo. Makaririnig ka ng maaanghang na salita mula sa kanila para ka panghinaan ng loob. Nguni't kaya ka pala nila pinakain ng sama ng loob ay para ka matuto, para ka maging matibay at matatag dahil mahal ka nila.

Wala tayong kamalayan sa buhay ng mga drama practitioner sa radyo. Dahil boses lamang ang kanilang puuhunan, hindi sila glamoroso na katulad ng mga artista sa pelikula. Kahit hindi kalakihan ang kinikita ng mga artista sa radyo kung ikukumpara sa mga artista sa pelikula, karamihan sa kanilang mga anak ay napagtapos nila sa kolehiyo. Karamihan sa kanilang mga anak ay titulado.

Kayong mga estudyante ng Masscom, mga apo, kapag ginawa ninyong propesyon ang radyo, malawak ang daigdig na inyong gagalawan sapagka't hindi lamang kayo maaaring maging radio talent, na siyang tawag sa mga artista sa radyo. Maaari rin kayong maging prodyuser, writer o director ng mga drama. Mahirap itong gawin nguni't kung mayroon kayong pagsisikap ito ay inyong mararating. Ang propesyon sa radyo ay hindi mananakaw kailanman. Ito ay inyong pakikinabangan habang kayo ay nabubuhay.

Katulad nga ng una kong sinabi, ang drama sa radyo ay hindi mawawala. Hindi lamang sa DZRH mayroong drama. Mayroon ding paisa-isang drama sa ABS-CBN DZMM, at isa rin sa GMA DZBB. Nguni't sa mga himpilan ng radyo sa Kabisayaan at Mindanao, tatlong oras at higit pa ang iniuukol nila sa kanilang mga drama sa radyo na karamihan ay sa wikang Cebuano.

Alam ba ninyo na ang most powerful medium ay ang radio drama? Nuong reeleksyon ni Pangulong Marcos, ginamit niya ang drama sa radyo para malaman ng mga mamamayan ang kanyang nagawa at gagawin pa.

Masaya ang buhay namin sa radyo nguni't mapanganib dahil dapat ay matapang ka sa pagsasabi ng katotohanan. Katunayan, naging matapang ako sa pagbubulgar ng katotohanan nguni't nang takutin ako ng aking nasaktan na babarilin ako sa bunganga, tumigil din ako. Mahirap po ang mawalan ng bunganga.

Bilang isang tagaradyo, ang katotohanan, 'pag ipinahayag mo, huwag kayong matakot. Ang isang drama practitioner ay kailangan ding mapagmasid. Alamin niya ang totoong nangyayari sa ating bansa at pagkatapos ay ibrodkas natin ang mga katiwaliang ito para mabago sa pamamagitan ng drama.

Mahal ko ang drama sa radyo na nagbibigay sa akin ng karangalan. Dahil sa drama sa radyo, ako ay naging isang Lola Sela. Kaya bilang pagtanaw ng utang na loob, itinatag ko ang Tanghalang Parisukat Training Center bilang tulong sa mga gustong mag-artista lalo na kayong mga taga-U.P. na kumukuha ng Masscom. Tinuturuan ko nang libre ang mga kabataang gustong gawing propesyon ang pagiging artista sa radyo.

Meron po akong handog sa inyo. Mayroong alay sa inyo si Lola Sela. Kakantahan ko ang *Bayan Ko* nang acapella sa iba't ibang boses, pwera ang boses ng manok at boses ng kambing na ginaya ko na kanina. Ito po ay para sa inyo.

(Inawit ang *Bayan Ko* sa iba't ibang boses hanggang matapos.)

Bilang pangwakas, salamat po sa inyong lahat, sa CCP sa pag-nominate sa akin para sa karangalang tinanggap ko ngayon. Inuuulit ko po, paglingkuran natin ang ating bayan with a clear conscience, now na. Bantayan natin ang ating bayan sa sinumang mang-aapi at ipagtanggol natin ito. Dahil kapag pinabayaan natin ang ating bayan, sino ang magdurusa kundi tayo.

Pangarap ko ring magkaroon ng Lola Sela Foundation para sa mga batang lansangan at mga taong grasa para naman maibalik ko ang lahat ng mga biyayang ipinagkaloob sa akin ng Panginoon. Marami pong salamat sa inyong lahat.